

Bakit ayaw pumunta ng ospital ng mga banyaga?

“Mahirap ang pakikipag-komunikasyon sa doktor”

Ulat sa pulong ng mga banyaga



Moderator: An Unju



Doktor	“Masakit ba?”
Nepalese	“Oo”
Doktor	“Konti lang ang sakit?”
Nepalese	“Oo”
Doktor	“Grabe ba ang sakit?”
Nepalese	“Oo”
Doktor	“Hindi ba masakit?”
Nepalese	“Oo”

Ang pag-uusap na yan ay totoong nangyari sa isang Nepalese na pumunta ng ospital. Dahil hindi marunong ng wikang Hapon, walang ibang maisagot sa tanong ng doktor kundi “oo” (“hai”). Malamang na nakaranas na nito ang mga banyagang hindi gaanong nakakaintindi ng wikang Hapon.

Kung masama ang pakiramdam, nanaisin nating pumunta ng ospital. Pero karamihan sa mga banyaga ay nag-aalangang pumunta ng ospital at tinitii na lang ang sakit.

Ako ay sumali sa pulong ng “Collaboration program of towns and Juntendo University” noong nakaraang Oktubre.

Ang programang ito ay para alamin ang sitwasyon ng mga banyagang hindi makapunta ng ospital sa maraming kadahilanan at tinitii na lang ang karamdaman hanggang sa lumala. Malaki ang pasalamat ko bilang dayuhang residente dito sa Japan, gayun din bilang staff ng FICEC. Iniisip ko kung may magagawa ako upang makatulong sa programa.

Matapos ang pulong nagkaroon ng tea party nitong nakaraang Nobyembre sa 2nd flr. ng FICEC at nagkaroon ng pag-uusap sa “dahilan bakit ayaw magpatingin ng mga banyaga sa ospital?” Kasali ang 5 Taiwanese, 3 Chinese, 3 Koreans, 2 Thai, at 4 Japanese.

Mayroong nagkwento na matatas siya sa wikang Hapon, pero nataranta siya ng maaksidente ang kanyang anak at hindi na makapagsalita ng simpleng wikang Hapon. Mayroon namang iba na may sintomas lamang ng hindi natunawan sa kinain at maaaring gumaling sa pag-inom lang ng gamot subalit sumailalim sa endoscopy inspection dahil sa hindi sila magkaintindihan ng doktor. Kaya sa tingin ko mahalaga at kinakailangang may sistema ng interpretasyon na madaling magamit sa isang general ospital.

Ang sistema ng interpretasyon ay makakabawas sa pag-aalinlangan sa panig ng mga banyagang pasyente na hindi marunong ng wikang Hapon at panig ng mga doktor. Mas mabuti din na huwag lamang umasa sa sistema ng mga ospital kundi dapat din na matuto ng wikang Hapon upang marunong tumawag ng ambulansya sakaling may emerhensiya.

Para mamuhay ng maayos at maalagaan ang iyong kalusugan at ng pamilya mahalagang matuto ng Nihongo, may health insurance at taunang pagpa-medical check up.

Sana ang resulta ng pagpupulong ay makatulong sa pamumuhay ng mga dayuhan at

mawala ang kanilang pag-aalala sa pagpunta sa ospital at makatulong din sa pananaliksik ng unibersidad. (Sinulat ni Ms. An Unju)

Tandaan ang petsa ng pagbibigay gabay (setsumeikai) sa pagpasok sa elementary school at junior high school

Ang pagbibigay gabay sa papasok sa elementary school ay magsisimula sa Pebrero para sa mga magulang at mag-aaral na papasok ngayong Abril. Ang abiso sa pagpasok sa elementary school para sa mga estudyante ay ipinapadala sa sambahayan na may resident card sa kalagitnaan ng Enero. Iba-iba ang petsa ng araw ng “setsumeikai” depende sa paaralan kaya dapat siguraduhin kung kailan ito. Kung wala pang abisong natatanggap patungkol sa pagpasok sa paaralan, makipag-ugnayan sa School Education Division

Kung kayo ay lilipat ng tirahan bago magsimula ang pasukan, kung papasok ng national o private school, kung may dahilan at hindi makakapag-aral, o kung may mali sa pangalan sa abiso sa pagpasok sa paaralan, kumontak lamang sa School Education Division.



Matagumpay na bazar sa FICEC



Bukas ang bazar sa FICEC araw-araw. Pumunta dito anumang oras at maaaring makabili ng magandang bargain goods.

**“Mga aktibidad sa community center”
Humanap ng kaibigan at alamin ang Japan**

Bawat bayan ay may community center para suportahan ang iba’t ibang mga aktibidad ng mga mamayan. Magkaroon ng karanasan sa pag-aaral, maging maalam sa bansang Japan, at matuto tungkol sa kalusugan. Humanap ng grupo na kapareho ng interes. Ang detalye sa mga aktibidad ng community center ay mababasa sa susunod na Information Fujimino, upang lalong makilala ang mga lokal na mamamayan.

★ Tanong sa bayarin sa pagpasok sa high school at university

Malaki ang gastusin kung papasok ng high school, technical school, o university. Mayroon namang educational loans ang Japan Finance Corporation para sa bayad sa pagpasok sa paaralan at iba pang bayarin (National educational loans). May pautang para sa iba’t ibang antas ng taunang kita, at depende din sa bilang ng pinapalaking mga anak.

(Mabibigyan ng konsiderasyon ang pamilyang may taunang kita na 2 million yen o mas mababa pa.)

- **Aplikasyon** : [Buong taon ang pagtanggap ng aplikasyon]
[<https://www.jfc.go.jp/n/finance/search/ippan.html> or postal mail]
- **Takdang panahon ng pagbabayad** : [sa loob ng 15 taon]
- **Paraan ng pagbayad** : [Dapat regular ang buwanang pagbayad. Maaring bayaran ang interes habang may pasok sa paaralan.]
- **Kumontak sa Japan Finance Corporation** : 049-246-4271
- **Paghingi ng information materials** : 0570-008656

